



Mga Provider na IHSS: Mga Tagubilin sa Pagkumpleto ng Criminal Background Investigation (CBI)

Inaatasan ng batas ng estado ang lahat ng homecare provider na IHSS na magsumite ng kanilang mga fingerprint at sumailalim sa isang criminal background investigation (CBI), na pinangangasiwaan ng California Department of Justice (DOJ), bilang bahagi ng ipinag-uutos na proseso ng pagpapatala ng mga provider. Kalakip ng paketeng ito ay ang mga materyales na kakailanganin mo para sa CBI. Nasa ilalim ang mga tanong, mga sagot, at mahahalagang mga tagubilin tungkol sa prosesong ito. Basahing mabuti ang mga ito, at siguraduhing susundin mo ang mga ito.

1. Kailan ko kailangang ipakuha ang aking mga fingerprint?

Kailangan mong kumpletuhin ang proseso ng pagpapatala, na kabilang ang pagdalo sa isang oryentasyon, pagkumpleto sa form at kasunduan sa pag-enroll na kinakailangan ng estado, pagsumite ng iyong mga fingerprint para sa CBI, at pagpasa sa pagsusuri ng CBI ng iyong rekord, ***bago ka pahintulutang bayaran*** sa pamamagitan ng Programang IHSS.

Tandaan: Kung nagtatrabaho ka para sa higit sa isang consumer, kakailanganin mo lang na isumite ang iyong mga fingerprint at pumasa sa proseso ng CBI nang isang beses.

2. Saan ako magpakuha ng mga fingerprint?

Maaari mong ipakuha ang iyong mga fingerprint sa anumang Live Scan site na inaprubahan ng DOJ sa buong L.A. County. Matatagpuan ang isang listahan ng mga site sa website ng DOJ sa www.oag.ca.gov/fingerprints/locations. Suriin ang listahan at piliin ang pinakamaginhawang lokasyon para sa iyo.

Kailangan mong tagagan ang iyong napiling site at makipag-appointment upang ipakuha ang iyong mga fingerprint.

3. Sino ang magbabayad sa pagkuha ng fingerprint/proseso ng CBI?

Ipinag-uutos ng batas ng estado na ikaw, na isang provider ng IHSS, ay magbabayad ng pagkuha ng fingerprint at proseso ng CBI. Kapag pupunta ka sa lokasyon ng Live Scan, kailangan mong magbayad ng \$32 na bayad para sa transaksyon ng criminal background investigation at karagdagang bayad para sa aktuwal na Live Scan, na maaaring nasa \$70 ang kabuuan ng iyong mga babayaran. Ang mga bayad sa mga site ng Live Scan ay naiiba-iba depende sa lokasyon, at ang ilang site ay tumatanggap lamang ng cash, habang ang iba naman ay tumatanggap ng mga tseke, credit card, o debit card. Siguruhing magtanong muna, bago ka pumunta, tungkol sa mga bayarin at tinatanggap na mga paraan ng pagbabayad sa iyong napiling site.

4. Ano ang kailangan kong dalhin sa aking Live Scan na site sa pagkuha ng fingerprint?

- ◆ Bayad tulad ng inilarawan sa item # 3 sa itaas
- ◆ Ang nakapaloob na form sa Request for Live Scan Service, na kinumpleto nang duplikado. Kumpletuhin ang gitnang seksiyon ng bawat form na nagsisimula sa “Apelyido” at nagtatapos sa “Zip Code.” Laktawan ang “Billing Number” at “Misc. Number.” Dalhin mo ang dalawang kopyang ito sa lokasyon ng Live Scan. Maaari mo lamang gamitin ang form na *Request for Live Scan Service* na ibinigay ng PASC. Kung hindi mo ginawa ito, hindi matatanggap ng PASC ang mga resulta ng CBI, at kakailanganin mong ipakuha ulit ang iyong mga fingerprint nang sariling gastos mo;
- ◆ Ang iyong photo ID (balidong lisensya sa pagmamaneho, o balidong California ID)
- ◆ Ang iyong Social Security card

5. **Ano ang nangyayari sa site ng Live Scan?**

Gagawa ang teknisyang ng rekord ng iyong mga fingerprint. Kapag nakumpleto mo na ang Live Scan, kailangang ibalik sa iyo ng site ang isang kopya ng form na *Request for Live Scan Service*. Itago ang kopya para may rekord ka.

6. **Paano kung nagpa-CBI na ako?**

Kahit na nagpa-CBI ka na noon sa ibang mga kadahilanan (hal., para sa pampropesyunal na sertipikasyon, sa imigrasyon, o sa iba pang uri ng trabaho, atpb.), dapat ka pa ring sumailalim sa bagong CBI para sa pagtatrabaho bilang isang homecare provider ng IHSS.

7. **Gaano katagal ang proseso ng pagkuha ng fingerprint at CBI?**

Kapag naisumite mo na ang mga fingerprint mo sa site ng Live Scan (na tatagal lamang ng ilang minuto), kailangan mong maghintay ng hindi kukulangin sa isang lingo at pagkatapos ay itsek ang estado ng iyong criminal background investigation sa: <https://applicantstatus.doj.ca.gov>.

Kung mayroon kang mga katanungan tungkol sa mga tagunilin na ito, mangyaring tumawag sa (877) 565-4482.

8. **Paano ako maaabisuhan tungkol sa mga resulta ng Live Scan?**

Ang mga aplikanteng mayroong resipyenteng pinagtatrabahuhan, at nakakumpleto na ng lahat ng kinakailangan sa pagpapatala ng provider, ay padadalhan ng form na SOC848, In-Home Supportive Services Program Notice of Provider Eligibility. Ang mga aplikanteng bumagsak sa background check ay makakatanggap ng isang liham mula sa PASC, kabilang ang lahat ng kinakailangang dokumentasyon.

9. **Paano kung wala naman akong resipyenteng pinagtatrabahuhan?**

Tanging ang mga aplikante lamang na hindi nagtatrabaho sa isang resipiente ang kailangang maghintay ng tatlong lingo at tumawag sa (877) 565-4482 para sa kanilang mga resulta. Upang makasama sa PASC Registry at mairekomenda sa mga resipyenteng nangangailangan ng provider, tumawag sa (877) 565-4477.

10. **Paano ko malalaman kung opisyal na akong nakatala bilang isang provider ng IHSS?**

Ang mga aplikanteng opisyal na nakatala bilang provider ng IHSS ay makakatanggap ng form na SOC848, In-Home Supportive Services Program Notice of Provider Eligibility, mula sa California Department of Social Services. Handa ka na ngayong magtabaho at mabayaran bilang isang provider ng IHSS.



KAHINGAN PARA SA SERBISYONG LIVE SCAN

Paunawa Hinggil sa Privacy

Ayon sa Kinakailangan at Ipinatutupad ng Civil Code § 1798.17

Ang Pagkolekta at Paggamit ng Personal na Impormasyon. Ang California Justice Information Services (CJIS) Division ng Department of Justice (DOJ) ay nagkokolekta ng impormasyong hinihiling sa form na ito ayon sa awtorisadong pahintulot ng mga seksyon 4600-4621, 7574-7574.16, 26050-26059, 11340-11346, at 22440-22449 ng Business and Professions Code; mga seksyon 11100-11112 at 11077.1 ng Penal Code; mga seksyon 1522, 1416.20-1416.50, 1569.10-1569.24, 1596.80-1596.879, 1725-1742, at 18050-18055 ng Health and Safety Code; mga seksyon 8700-87200, 8800-8823, at 8900-8925 ng Family Code; mga seksyon 1300-1301, 22100-22112, 17200-17215, at 28122-28124 ng Financial Code; seksyon 44330-44355 ng Education Code; mga seksyon 9710-9719.5, 14043-14045, 4684-4689.8, at 16500-16523.1 ng Welfare and Institutions Code; at iba pang mga batas at regulasyon ng estado. Ginagamit ng CJIS Division ang mga impormasyong ito upang iproseso ang mga kahilingan ng mga awtorisadong entity na nagnanais kumuha ng impormasyon hinggil sa pagkakaroon at nilalaman ng pederal na rekord na mga conviction (hatol) upang tumulong sa pagtukoy ng kaangkupan para sa pag-eempleyo, o boluntaryong pagtatrabaho para sa mga bata, matatanda, o may kapansanan; o para sa pag-aampon o sa mga layunin ng pag-iisyu ng lisensiya, sertipikasyon, o permiso. Dagdag pa dito, anumang personal na impormasyong nakolekta ng mga ahensiya ng estado ay nasasailalim sa mga limitasyon ng Information Practices Act at ng patakaran ng estado. Ang pangkalahatang patakaran sa privacy ay makikita sa <http://oag.ca.gov/privacy-policy>.

Pagbibigay ng Personal na Impormasyon. Lahat ng personal na impormasyong hinihiling sa form ay dapat ibigay. Kung hindi maibibigay ang kinakailangang impormasyon, maaari itong maging dahilan sa pagkaantala o sa hindi pagtanggap sa inyong hinihiling.

Pag-access sa Iyong Impormasyon. Maaari mong masuri ang iyong rekord na pinananatili ng CJIS Division sa DOJ na naglalaman ng iyong personal na impormasyon, sa pahintulot ng Information Practices Act. Tingnan sa ibaba ang contact information.

Mga Posibleng Paglalahad ng Personal na Impormasyon. Upang maproseso ang mga aplikasyong nauukol sa serbisyong Live Scan upang makatulong sa pag-determina kung angkop ang taong nag-aaplay ng lisensiya, trabaho, o boluntaryong posisyon na pagtatrabaho para sa mga bata, matatanda o mga may kapansanan, maaari naming kailanganing ibahagi ang impormasyong ibinigay ninyo sa amin sa mga awtorisadong ahensiya para sa pag-aapply.

Ang impormasyong iyong ibinigay ay maaaring ring mailahad sa mga sumusunod na kalagayan:

- Sa ibang tao o ahensiyang nangangailangang magsatupad ng kanilang ligal na katungkulan at ang kanilang paggamit sa iyong impormasyon ay tugma at sumusunod sa batas ng estado, gaya ng paglalahad para sa mga imbestigasyon o para sa pagbibigay ng lisensiya, sertipikasyon, o para sa mga layuning pang regulasyon.
- Sa ibang ahensiya ng pamahalaan kung kinakailangan o hinihingi ng batas ng estado o ng pederal.

Impormasyon upang makontak. Para sa anumang katanungan tungkol sa paunawang ito o access sa iyong mga rekord, maaari mong kontakin ang Associate Governmental Program Analyst sa Keeper of Records ng DOJ sa telepono bilang (916) 210-3310, o mag-email sa keeperofrecords@doj.ca.gov, o gamit ang koreo sa:

Department of Justice
Bureau of Criminal Information & Analysis
Keeper of Records
P.O. Box 903417
Sacramento, CA 94203-4170

Pahayag Para sa Privacy Act

Awtoridad. Ang pagkuha, pangangalaga, at pagpapalitan ng mga fingerprint at mga nauugnay na impormasyon ay pangkalahatang awtorisado sa ilalim ng 28 U.S.C. 534. Depende sa katangian ng iyong aplikasyon, kabilang sa mga karagdagang awtoridad ang batas Pederal, ang mga batas ng Estado alinsunod sa Pub. L. 92-544, mga Kautusang Ehekutibo ng Pangulo, at mga pederal na regulasyon. Ang pagbibigay ng iyong fingerprints at nauugnay na impormasyon ay boluntaryo; subalit ang hindi pagbibigay nito ay makakaapekto sa pagkumpleto o pag-apruba ng iyong aplikasyon.

Pangunahing Layunin. May ilang pagpapasya, gaya ng pagtanggap sa trabaho, pag-isyu ng lisensiya, at security clearance na nakasalalay sa background check na nakabase sa fingerprint. Ang iyong fingerprint at nauugnay pang mga impormasyon/biometrics ay maaaring ibigay sa mga nagpapaempleyo, sa nag-iimbestiga, o sa anumang responsableng ahensiya, at/o ang FBI para sa layuning paghambingin ang iyong fingerprint sa iba pang mga fingerprint na nasa Next Generation Identification (NGI) na sistema ng FBI o anumang sistema na papalit dito (kasama ang sibil, kriminal at mga likas na repositoryo ng mga fingerprints) o sa iba pang magagamit na mga rekord para sa nag-eempleyo, nag-iimbestiga o sa anumang responsableng ahensiya. Maaaring itago ng FBI ang iyong fingerprint at nauugnay pang mga impormasyon/biometrics sa NGI matapos makumpleto ang aplikasyong ito at, habang nakatago, ang iyong fingerprint ay maaaring tuloy-tuloy na ikumpara sa iba pang mga fingerprints na naisumite o natatago sa NGI.

Mga Karaniwang Gamit. Habang ang aplikasyon ay pinoproseso at kahit matapos ito, habang ang iyong mga fingerprint at nauugnay pang impormasyon/biometrics ay nakatago sa NGI, ang iyong impormasyon ay maaaring ihayag batay sa iyong pahintulot, at maaari ding ihayag nang wala ang iyong pahintulot kung ito ay pinahihintulutan ng Privacy Act ng 1974 at lahat ng naaangkop na Karaniwang Gamit na maaaring ilathala sa anumang oras sa Federal Register, kasama ang Karaniwang Gamit para sa sistemang NGI at ang Pangkalahatang Karaniwang Gamit ng FBI. Kasama, ngunit hindi limitado, sa karaniwang gamit ang paglalahad sa: mga nag-eempleyo, sangay ng gobyerno, o awtorisadong non-government na ahensiya na responsable sa pag-eempleyo, pagkokontrata, pagbibigay ng lisensiya, security clearance, at iba pang pagpapasyang ukol sa kaangkupan; sa lokal, estado, tribal, o pederal na mga ahensiyang nagpapatupad ng batas; mga ahensiya ng hustiya kriminal; at ahensiyang responsable sa pambansang seguridad at pampublikong kaligtasan.

Mga Karapatan sa Privacy ng Aplikante para sa Hustisyang Noncriminal

Bilang isang aplikanteng sumasailalim sa pambansang pagsusuri ng rekord na base sa fingerprint para sa layuning noncriminal na hustisya (tulad ng aplikasyon para sa pag-eempleyo, o para sa pagbibigay ng lisensiya, para sa imigrasyon o naturalization, security clearance o sa pag-aampon), ikaw ay may mga karapatang tinatalakay sa ibaba.

- Ikaw ay dapat bigyan ng nakasulat na paunawa¹ na ang iyong mga fingerprint ay gagamitin upang suriin ang mga kriminal na rekord sa FBI.
- Ikaw ay dapat bigyan, at dapat mong ipaalam na iyong natanggap ang isang sapat na Privacy Act Statement kapag ikaw ay nag-sumite ng iyong mga fingerprint at nauugnay pang mga personal impormasyon. Ang Privacy Act Statement ay nagpapaliwanag ng awtoridad sa pagkolekta ng iyong impormasyon at kung paano gagamitin, itatago at ibabahagi ang impormasyon na ito. ²
- Kung ikaw ay may rekord ng kasaysayang kriminal, ang mga opisyal na gumagawa ng pagpapasya sa iyong kaangukapan sa pag-eempleyo, pagkakaroon ng lisensiya, o anumang benepisyo ay kailangang magbigay sa iyo ng oportunidad na kumpletuhin o kontestahin ang ganap na kawastuhan ng impormasyong nasa rekord.
- Kailangang abisuhan ka ng mga opisyal na may mga pamamaraan para palitan, maiwasto, o magpabago ang iyong rekord ng kasaysayang kriminal na itinakda sa Title 28, Code of Federal Regulations (CFR), Seksyon 16.34.
- Kung ikaw ay may rekord ng kasaysayang kriminal, ikaw ay dapat bigyan ng makatwirang panahon upang maiwasto o makumpleto ang rekord (o tanggihang gawin ito) bago hindi aprubahan ng mga opisyal ang iyong pag-empleyo, lisensiya, o ano pa mang benepisyo base sa impormasyon sa rekord ng kasaysayang kriminal. ³

Ikaw ay may karapatang maniwalang ang mga opisyal na tumatanggap ng resulta ng pagsusuri ng rekord ng iyong kasaysayang kriminal ay gagamitin ito para lamang sa mga awtorisadong layunin at hindi magtatago o magpapakalat noon na labag sa mga batas ng estado, regulasyon o kautusang ehekutibo, o ng panuntunan, pamamaraan o pamantayan na itinatag ng National Crime Prevention at ng Privacy Compact Council. ⁴

Kung pinapayagan ng patakaran ng ahensiya, maaaring bigyan ka ng opisyal ng kopya ng iyong FBI rekord ng kasaysayang kriminal upang iyong suriin at posibleng kontestahin. Kung hindi pinapayagan ng patakaran ng ahensiya ang pagbibigay ng kopya ng rekord, maaari kang makakuha ng kopya ng rekord sa pagsumite ng mga fingerprint at pagbayad sa FBI. Ang impormasyon hinggil sa prosesong ito ay maaaring makuha sa <https://www.fbi.gov/services/cjis/identity-history-summary-checks>.

Kung ikaw ay magdesisyong kontestahin ang ganap na kawastuhan o pagkakumpleto ng iyong rekord ng kasaysayang kriminal sa FBI, kailangan mong ipadala ang iyong pagkontesta sa ahensiya na nagbigay ng impormasyong kinukwestiyon sa FBI. Bilang kahalili, maaari mong direktang ipadala ang iyong pagkontesta sa FBI. Ang FBI ang siyang magpapadala ng iyong kontesta sa ahensiya na nagbigay ng impormasyong kinukwestiyon at hilingin sa ahensiya na iberipika o iwasto ang kinokontestang entrada. Sa oras na matanggap ang opisyal na komunikasyon mula sa ahensiyang iyon, ang FBI ay gagawa ng karampatang pagbabago/pagwawasto sa iyong rekord alinsunod sa impormasyong ibinigay ng ahensiyang iyon. (Tingnan ang 28 CFR 16.30 hanggang 16.34.) *Maaari kang makakita ng karagdagang impormasyon sa FBI website* <https://www.fbi.gov/about-us/cjis/background-checks>.

¹ Kasama sa nakasulat na paunawa ang electronic na paunawa, ngunit hindi ang oral na paunawa

² <https://www.fbi.gov/services/cjis/compact-council/privacy-act-statement>

³ Tingnan ang 28 CFR 50.12(b)

⁴ Tingnan ang U.S.C. 552a(b); 28 U.S.C. 534(b); 34 U.S.C. § 40316 (na dating nabanggit bilang 42 U.S.C. § 14616), Article IV(c)



REQUEST FOR LIVE SCAN SERVICE

Applicant Submission

A1934 _____ ELDER CARE _____
ORI (Code assigned by DOJ) _____ Authorized Applicant Type _____

IHSS CARE PROVIDER _____
Type of License/Certification/Permit OR Working Title (Maximum 30 characters - if assigned by DOJ, use exact title assigned) _____

Contributing Agency Information:

PERSONAL ASSISTANCE SERVICES COUNCIL (PASC) _____ 07189 _____
Agency Authorized to Receive Criminal Record Information _____ Mail Code (five-digit code assigned by DOJ) _____

3452 E. FOOTHILL BLVD., SUITE 900 _____ CW _____
Street Address or P.O. Box _____ Contact Name (mandatory for all school submissions) _____

PASADENA _____ CA _____ 91107 _____ (877) 565-4482 _____
City _____ State _____ ZIP Code _____ Contact Telephone Number _____

Applicant Information:

Last Name _____ First Name _____ Middle Initial _____ Suffix _____

Other Name: (AKA or Alias) _____

Last Name _____ First Name _____ Suffix _____

Sex Male Female

Date of Birth _____ Driver's License Number _____

Height _____ Weight _____ Eye Color _____ Hair Color _____
Billing Number Applicant to pay _____
(Agency Billing Number)

Place of Birth (State or Country) _____ Social Security Number _____
Misc. Number Not Applicable _____
(Other Identification Number)

Home Address _____ City _____ State _____ ZIP Code _____
Street Address or P.O. Box _____

I have received and read the included Privacy Notice, Privacy Act Statement, and Applicant's Privacy Rights.

Applicant Signature _____

Date _____

Your Number: _____
OCA Number (Agency Identifying Number)

Level of Service: DOJ FBI
(If the Level of Service indicates FBI, the fingerprints will be used to check the criminal history record information of the FBI.)

If re-submission, list original ATI number: _____
(Must provide proof of rejection) Original ATI Number

Employer (Additional response for agencies specified by statute):

Employer Name _____

Street Address or P.O. Box _____ Telephone Number (optional) _____

City _____ State _____ ZIP Code _____ Mail Code (five digit code assigned by DOJ) _____

Live Scan Transaction Completed By:

Name of Operator _____ Date _____

Transmitting Agency _____ LSID _____ ATI Number _____ Amount Collected/Billed _____



REQUEST FOR LIVE SCAN SERVICE

Applicant Submission

A1934 _____ ELDER CARE _____
 ORI (Code assigned by DOJ) _____ Authorized Applicant Type _____
 IHSS CARE PROVIDER _____
 Type of License/Certification/Permit OR Working Title (Maximum 30 characters - if assigned by DOJ, use exact title assigned) _____

Contributing Agency Information:

PERSONAL ASSISTANCE SERVICES COUNCIL (PASC) _____ 07189 _____
 Agency Authorized to Receive Criminal Record Information _____ Mail Code (five-digit code assigned by DOJ) _____
 3452 E. FOOTHILL BLVD., SUITE 900 _____ CW _____
 Street Address or P.O. Box _____ Contact Name (mandatory for all school submissions) _____
 PASADENA _____ CA 91107 _____ (877) 565-4482 _____
 City _____ State _____ ZIP Code _____ Contact Telephone Number _____

Applicant Information:

Last Name _____ First Name _____ Middle Initial _____ Suffix _____
 Other Name: (AKA or Alias) _____
 Last Name _____ First Name _____ Suffix _____
 Sex Male Female _____
 Date of Birth _____ Driver's License Number _____
 Height _____ Weight _____ Eye Color _____ Hair Color _____ Billing _____
 Place of Birth (State or Country) _____ Social Security Number _____ Number Applicant to pay _____
 Home _____ Misc. _____
 Address Street Address or P.O. Box _____ City _____ State _____ ZIP Code _____
 Number Not Applicable _____
 (Other Identification Number)

I have received and read the included Privacy Notice, Privacy Act Statement, and Applicant's Privacy Rights.

Applicant Signature

Date

Your Number: _____
OCA Number (Agency Identifying Number)

Level of Service: DOJ FBI
(If the Level of Service indicates FBI, the fingerprints will be used to check the criminal history record information of the FBI.)

If re-submission, list original ATI number: _____
(Must provide proof of rejection) Original ATI Number

Employer (Additional response for agencies specified by statute):

Employer Name _____
 Street Address or P.O. Box _____ Telephone Number (optional) _____
 City _____ State _____ ZIP Code _____ Mail Code (five digit code assigned by DOJ) _____

Live Scan Transaction Completed By:

Name of Operator _____ Date _____
 Transmitting Agency _____ LSID _____ ATI Number _____ Amount Collected/Billed _____